




TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2023-0006
Title	Registration of New Business Entities and Reporting of Initial Employees through the Philippine Business Hub (PBH)

Tanong	Sagot
1. Ano ang pinagkaiba ng Philippine Business Hub (PBH) sa Central Business Portal (CBP)?	Walang pinagkaiba ang PBH sa CBP maliban lamang sa idinagdag na bagong feature nito gaya ng Philippine Business Registration Information System (PBRIS). Ito ay isang online platform kung saan nakakakuha ng mga impormasyon mula sa Philippine Regulatory Management System at sa lahat ng mga batas na may kaugnayan sa pagpaparehistro ng negosyo.
2. Ano ang layunin ng Circular na ito?	Ang Circular na ito ay ginawa upang magkaroon ng panuntunan sa pagpaparehistro ng mga taong gustong magtayo ng negosyo at pagre-report ng mga bagong empleyado sa PhilHealth sa pamamagitan ng PBH.
3. Sino-sino ang mga sakop ng Circular na ito?	Sakop ng Circular na ito ang lahat ng magpaparehistro ng negosyo gaya ng One Person Corporation, Sole Proprietors at iba pang klase ng mga korporasyon.
4. Paano ang tamang proseso sa pagpaparehistro ng mga korporasyon sa pamamagitan ng PBH?	<p>a) Ang aplikante ay kailangang gumawa ng sariling account sa PBH upang magkaroon ng access at maiparehistro ang negosyo.</p> <p>b) Pagkatapos ng matagumpay na pagpaparehistro ng negosyo sa PBH, kinakailangang i-report ng employer ang listahan ng mga bagong empleyado nito sa pamamagitan ng pag fill-out ng Unified Employee Reporting form na ginawa at inilaan sa PBH.</p> <p>c) Para sa pagbabayad ng kaukulang kontribusyon sa PhilHealth ng mga bagong empleyado at pagrereport ng mga karagdagang tauhan, ang employer ay kinakailangang gumamit ng Electronic Premium Remittance System (EPRS) sa pamamagitan ng pag log-in sa https://epoaf.philhealth.gov.ph/employer. Ang employer ay kinakailangang magbayad ng contributions online. Ito ay naayon sa PhilHealth Circular No. 2020-0008 re: "Payment of Premium</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0006
	Title	Registration of New Business Entities and Reporting of Initial Employees through the Philippine Business Hub (PBH)

	Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS)”.
5. Maaari bang ideklara bilang empleyado ang isang may-ari ng negosyo o Single Proprietor?	Hindi. Ang Single Proprietors o negosyong pag-aari ng isang tao lamang ay dapat magbayad ng kaniyang kontribusyon sa PhilHealth bilang self-earning individual batay sa kaniyang kinikita.